

THE NAVIGATOR

FAKTO

Radar

- 1 Maasahang radar**

Ang radar ay kilala na bilang isang subok at nasuri nang 'matalik na kaibigan' ng nabigante sanhi ng pagkamaasahan nito at pagiging independiyente mula sa mga panlabas na sistema, tulad ng GPS.
- 2 Dalawang makukuha sa presyo ng isa**

Ang dalawang pangunahing gamit ng radar ay para sa pag-iwas sa bangaan at para sa nabigasyon. Ang mga propesyonal na nabigante ay kailangang alam kung paano gumamit ng radar sa mabisang paraan para sa parehong tungkulin.
- 3 Alamin ang inyong mga kagamitan**

Ang modernong radar ay maraming mga sopistikadong katangian at opsyon. Kailangang alam ng mga nabigante kung paano gamitin ang mga kagamitang ito, ang mga limitasyon nito at kung paano magtrabaho kahit wala ang mga ito.
- 4 Tingnan, tingnan at tingnan muli**

Huwag kailanman tiwalaan kaagad ang nakikita sa radar. Parating siguraduhin at tingnan muli sa (tumanaw sa labas ng bintana) o gamit ang isang alternatibong independiyenteng sistema. Huwag kailanman magpalagay!
- 5 Ang lubos na pagkakakilala ay humahantong sa tagumpay**

Ang pag-uunawa kung paano gumamit ng radar ay kailangan ng parehong pagsasanay at lubos na pagkikilala. Gaano man ninyo alam kung paano gumana ang mga radar, kapag sumali kayo sa isang bagong sasakyang pandagat, mahalagang kilalanin ninyo mismo ang mga tiyak na radar unit na sakay ng barko bago akuin ang pagbabantay.
- 6 Pananatiling nakatugma**

Ang awtomatikong pagtutugma ay nakakatulong. Gayunman, ang pag-aalam kung paano at kailan dapat gamitin ang manual na pagtutugma ay nararapat na bahagi ng pagkakaroon ng kaalaman. Ang mga katangian sa pagtutugma ay dapat na suriin bago akuin ang bawat pagbabantay.
- 7 May target na pagsasanay**

Patuloy na bantayan ang iba't ibang mga saklaw at ikonsidera ang paggamit n mga screen offset para matuklasan ang lahat ng mga posibleng target.
- 8 Magkaroon ng kamalayan sa banda**

Alamin ang kaibahan sa pagitan ng S at X band na radar. Alamin kung alin ang ipinapakita at kung paano gamitin ang bawat isa nang may estratehiya para sa pinakamahusay na epekto.
- 9 Pakikipag-usap sa pangkat**

Paggagabay at pagtuturo - madalas ay walang iisang paraan lang para magtakda ng mga kagustuhan para sa ipinapakita sa display sa radar, at ang pagpili ng mga opsyon sa display ay nagbabago ayon sa mga pangyayari sa nabigasyon. Talakayin ang mga opsyon na ito sa pangkat ng bridge at Pilota na makapagkakaloob ng napakahusay na karanasan sa pag-aaral para sa lahat ng mga nabigante - sa parehong mga bata at matatanda.
- 10 Maging alisto sa mga pagsulong sa teknolohiya**

Ang teknolohiya ng radar at pagganap ay sumusulong. Maging alisto sa mga bagong sistema na ito at hikayatin ang paggamit ng mga ito habang sakay sa barko kung kailan mapapangatuwiran ng pananalapi.



Read all issues of *The Navigator* for free
www.nautinst.org/thenavigator



in association with



STEAMSHIP MUTUAL